

# MGA PATAKARAN SA PAGESUSUSPINDE

## IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG\* PAGKATAPOS MASUSPINDE NG INYONG ANAK

Ang polyetong ito ay kailangang ibigay sa taong malapit sa mag-aaral kasama ang *Abiso sa Pagkakasuspinde*.

Ang polyetong ito ay nagbibigay ng sumusunod na impormasyon para sa mga mag-aaral at sa taong malapit sa kanila.

- Ano ang gagawin kung mayroon kayong anumang mga alalahanin tungkol sa pagkakasuspinde ng inyong anak.
- Paano masusuportahan ng mga paaralan ang mga mag-aaral pagkatapos masuspinde.
- Saan pupunta para sa karagdagang impormasyon at suporta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagkakasuspinde, kasama ang mga papel at mga tungkulin, at ano ang inyong maasahang naganap bago ang pagkakasuspinde, bisitahin ang [www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx)

### ANG AKING ANAK AY NASUSPINDE, ANO ANG IBIG SABIHIN NITO?

Ang pagsususpinde ay isang paraan ng pagdidisiplina na nangangahulugan ng pansamantalang pagtatanggal ng isang mag-aaral sa mga klase o sa mga gawaing naaprubahan ng paaralan sa loob ng itinakdang panahon. Ang inyong anak ay pahihintulutang bumalik sa klase o sa mga gawaing naaprubahan ng paaralan matapos ang itinakdang panahon ng pagkakasuspinde.

### ANO ANG DAPAT ISAALANG-ALANG NG PUNONG-GURO BAGO ANG PAGESUSUSPINDE?

Bago masuspinde ang mag-aaral, dapat matiyak ng punong-guro na:

- Ang mag-aaral ay nabigyan ng pagkakataong mapakinggan
- Anumang impormasyon o dokumentasyon na ibinigay ng mag-aaral o ng kanyang mga pinahahalagahang tao ay isinaalang-alang sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa pagsususpinde.
- Ang iba pang uri ng aksyon upang tugunan ang pag-aasal na dahilan kung bakit nasuspinde ang mag-aaral ay isinaalang-alang.

### ANO ANG AGARANG PAGESUSUSPINDE?

Ang agarang mga pagsususpinde ay mangyayari lamang kung ang isang mag-aaral ay umaasal sa paraang karaniwang pinagbabasehan ng pagsususpinde, at ang kaniyang pag-uugali ay naglalagay sa peligro ng kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng kanyang sarili, kawani o iba pang mga mag-aaral.

Kung ang punong-guro ay nagpasya na ang agarang pagsususpinde ay angkop sa mga pangyayari, dapat inabisuhan kayo kaagad ng kawani ng paaralan

tungkol sa pasyang ito, at ang pangangailangang masundo ninyo kaagad ang inyong anak kung maaari.

Kung hindi kayo nakaugnay at/o hindi ninyo nagawang ayusin ang pagsundo sa inyong anak, dapat na naayos ng punong-guro na mapamahalaan nang mabuti ang inyong anak hanggang sa oras ng labasan ng paaralan o sa pagtatapos ng naaprubahang aktibidad.

Mahalagang tandaan na kahit na ang sakop na panahon para sa isang agarang pagsususpinde ay iba keysa sa isang pagsususpinde na ipinatupad sa ilalim ng normal na kondisyoni, ang proseso ay pareho lamang at dapat tiyakin ng punong-guro na ang inyong anak ay nabigyan ng pagkakataong mapakinggan at ang kanyang kalagayan ay isinaalang-alang.

### GAANO KATAGAL MAAARING MASUSPINDE ANG AKING ANAK?

Ang maximum na tuloy-tuloy na tagal ng panahon ng pagsususpinde sa mag-aaral nang isang beses ay 5 araw ng pasukan sa eskwela.

Bilang karagdagan, ang mag-aaral ay hindi maaaring masuspinde nang higit sa 15 araw sa isang taon ng pasukan sa paaralan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Direktor sa Rehiyon.

### ANO ANG GAGAWIN KO KUNG HINDI KO NASISIGURO KUNG ANG PAG-AASAL NG AKING ANAK MAAARING BATAYAN NG PAGKAKASUSPINDE?

Bawat paaralan ay kinakailangang magkaroon ng isang Patakaran sa Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral (Student Engagement Policy) na nagsasaad ng inaasahan ng komunidad ng paaralan sa mga aspeto ng pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, pag-uugaling magalang, pagpasok at magsisilbing isang reference point (sangguniang punto) kung paano tutugon ang inyong paaralan sa kalagayan ng bawat mag-aaral.

Maaaring nais ninyo ring hilingan ang inyong paaralan ng isang kopya ng kanilang mga *Patakarang sa Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral* o maaari ninyong tingnan ang kanilang website upang ma-access ito. Itatakda ng patakarang ito ang inaasahang asal sa loob ng inyong paaralan at magiging isang kapaki-pakinabang na reference point sa pagtukoy kung ang mga inaasahang ito ay nalabag.

[www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/engagepol.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/engagepol.aspx)

Ang pagsususpende ay isang malubhang panukala sa disiplina at pinakamabuting ilaan lamang para sa mga insidente kung saan ang ibang mga paraan ay hindi nagbunga ng kasiya-siyang epekto.

Ang inyong anak ay maaaring masuspende kung, habang nasa paaralan o naglalakbay sa o mula sa paaralan o habang abala sa anumang aktibidad ng paaralan na malayo sa paaralan (kabilang na ang paglalakbay patungo sa o mula sa aktibidad na iyon), siya ay -

- umaasal sa paraang nagbabadya ng isang panganib, aktwal man, pinaghihinalaan o nagbabanta, sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng sinumang tao;
- nagiging sanhi ng malaking pinsala sa o pagkasira ng ari-arian;
- nagsasagawa o nagtatangkang magsagawa o sinasadyang masangkot sa pagnanakaw ng ari-arian;
- nagmamay-ari, gumagamit o nagbebenta o sadyang tumutulong sa ibang tao upang makakuha, gumamit o magbenta ng mga ipinagbabawal na gamot o armas;
- Nabigong sumunod sa malinaw at makatwirang tagubilin ng isang kawani upang magbadya ng panganib, aktwal man, pinaghihinalaan o nagbabanta, sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng sinumang tao;
- Laging umaasal nang mapanira, naninirang-puri, nagpapatang ng mali, nanlalait o nagpapahiya ng ibang tao batay sa gulang; pagpapasuso; kasarian; pagkakakilanlan; kapansanan; pang-industriyang aktibidad; di-bawal na aktibidad na sekswal; estado ng kasal; estadong pangmagulang; pisikal na katangian; pampulitikang paniniwala o gawain; pagbubuntis; lahi; relihiyosong paniniwala o gawain; sekswal na oryentasyon; personal na kaugnayan (bilang isang kamag-anak o ano man) sa isang tao na makikilala sa pamamagitan ng pagsangguni sa anuman sa mga katangian sa itaas;
- Laging umaasal sa paraang hindi produktibo na gumagambala sa kabutihan, kaligtasan o mga oportunidad na pang-edukasyon ng iba pang mag-aaral.

Tungkulin ng punong-guro na alamin kung sususpendihin ang isang mag-aaral anuman ang partikular na sitwasyon. Kung mayroon kayong anumang mga alalahanin tungkol sa proseso ng pagsususpende o pag-aasal ng inyong anak, kayo ay hinihikayat na makipag-ugnay sa punong-guro upang talakayin ang inyong anak, ang inyong mga alalahanin, at ang mga dahilan at basehan ng pagsususpende.

Mahalagang tandaan na maaari kayong humiling ng isang pagpupulong kasama ang punong-guro sa anumang punto ng proseso ng pagsususpende, kahit na ang pagsususpende na ito ay naipatupad na.

Kung sa palagay ninyo hindi natugunan ang inyong mga alalahanin, maaari kayong makipag-ugnay sa Opisyal ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad (Community Liaison Officer) sa inyong pinakamalapit na tanggapan ng kagawarang sa rehiyon o isa sa mga suportang serbisyo na nakalista sa dulo ng polyetong ito.

## ANO ANG ISANG PAGSUSUSPINDENG PANGLOOB-NG-PAARALAN? ANO ANG KAHULUGAN NITO PARA SA AKING ANAK?

Ang isang pagsususpendeng panloob-ng-paaralan ay nangangahulugan na ang mag-aaral ay mananatili sa bakuran ng paaralan habang pinangangasiwaan ngunit hindi dumadalo sa klase. Maaaring kasama dito ang:

- Pagpapares ng mag-aaral at isang bihasang guro o naaangkop na miyembro ng kawani sa araw na iyon at sasamahan ang guro sa klase
- Paglahok sa isang gawain habang nasa pagsususpendeng panloob-ng-paaralan (hal. nagtatrabaho sa labas o naghahanda ng mga materyales na pang-edukasyon)
- Ang paglalaan ng kuwarto o lugar kung saan maaaring makumpleto ng mga mag-aaral ang kanilang pagsususpendeng panloob-ng-paaralan sa ilalim ng naaangkop na pangangasiwa.

Maaari rin itong gawin sa ibang paraan depende sa partikular na paaralan at pangyayari.

Mahalagang tandaan na habang ito ay naiiba sa tradisyonal na 'labas-sa-paaralang' pagkakasuspende, ang proseso para sa dalawa ay pareho lamang at dapat kayong makatanggap ng parehong abiso at dokumentasyon.

## ANO ANG IMPORMASYONG DAPAT IBIGAY NG PAARALAN SA AKIN KAPAG NASUSPINDE ANG AKING ANAK?

Kapag nagpasya ang isang punong-guro na ang isang pagsususpende ay angkop, dapat magbigay ang paaralan sa inyo at sa inyong anak ng mga sumusunod na dokumento:

- *Abiso ng Pagsususpende at*
- Ang polyetong ito.

Dapat ding magbigay sa inyo ang punong-guro ng sumusunod na impormasyon:

- Mga dahilan ng pagsususpende
- Ang mga araw ng pagpasok sa paaralan na lalapatan ng pagsususpende
- Kung saan magaganap ang pagsususpende (hal. sa lugar ng paaralan o saanman)

- Ang mga detalye ng kontak para sa mga karagdagang suportang serbisyo para sa inyo at sa inyong anak kung naaangkop
- Ang mga kaayusang ginawa para sa pagkakaloob ng naaangkop na gawain sa paaralan para sa inyong anak sa panahon ng pagkakasuspende.

**Tala:**

- (1) Kung ang inyong anak ay suspendido nang 3 araw o mas kaunti, dapat tiyakin ng punong-guro na siya ay mabibigyan ng makabuluhang gawaing tatapusin habang siya ay absent sa paaralan.
- (2) Kung ang inyong anak ay nasuspende nang higit sa 3 araw, dapat tiyakin ng punong-guro na naibigay ang *Planong Pag-aaral sa Pagliban ng Mag-aaral at Plano sa Pagbalik sa Paaralan*.

## ANO ANG GAGAWIN NG AKING ANAK KUNG SIYA AY NASUSPINDE? KAILANGAN BA SIYANG BIGYAN NG PAARALAN NG GAWAIN?

Inaasahan na para sa isang pagkakasuspende na tatlong araw o mas kaunti, ang mag-aaral ay bibigyan ng makabuluhang gawaing tatapusin. Kung ang mag-aaral ay suspendido nang higit sa tatlong araw, inaasahang nakabuo ng isang Plano sa Pagliban sa Paaralan ng Mag-aaral (Student Absence Plan) at isang Plano sa Pagbalik sa Paaralan (Return to School Plan). Ang mga template o halimbawa nito ay matatagpuan sa [www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/resources.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/resources.aspx)

## ANO ANG MANGYAYARI SA KATAPUSAN NG PAGKAKASUSPINDE?

Sa sandaling ang panahon ang pagkakasuspende ay natapos na, dapat suportahang bumalik sa paaralan ang inyong anak.

Kung ang inyong anak ay nasuspende nang isa o higit pang mga araw ng pasukan sa paaralan, iminumungkahi na ganapin pagkatapos ng pagkakasuspende ang isang pulong ng Suportang Grupo ng Mag-aaral (Student Support Group) kasama ang paaralan, kayo at ang inyong anak. Maaari rin ninyong hilingin ang pulong ng Suportang Grupo ng Mag-aaral kung sa palagay ninyo ay nangangailangan ng karagdagang suporta ang inyong anak sa pagbalik sa paaralan o upang tugunan ang anumang mga isyu sa pag-aasal na humantong sa insidenteng nagresulta sa isang pagsususpende.

Ang layunin ng pagpupulong na ito ay upang magbukas ng pagkakataong matalakay ang sumusunod:

- Ang *Planong Pag-aaral sa Pagliban ng Mag-aaral* at ang gawain sa paaralang tatapusin sa panahon ng pagkakasuspende.
- Ang mga istratohiyang bubuuin sa loob at labas ng paaralan upang makamit ang mga pangangailangang pang-edukasyon, sosyal at emosyonal ng inyong anak

- Ang mga tungkulin ninyo, ng inyong anak, kawani ng paaralan at iba pang mga propesyonal sa pagsuporta sa mga istratohiyang ito.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga pulong ng Suportang Grupo ng Mag-aaral, tingnan ang [www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/supportgroups.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/supportgroups.aspx)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga suportang makukuha ng mga paaralan, bisitahin ang [www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/interventions.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/interventions.aspx)

## MAAARI BA AKONG MAG-APELA SA PAGKAKASUSPINDE?

Walang proseso sa pag-aapela sa pagkakasuspende. Kung mayroon kayong anumang mga alalahanin tungkol sa pagkakasuspende ng inyong anak, Dapat ninyong talakayin kaagad sa punongguro ang mga alalahaning ito.

Kung sa palagay ninyo ay hindi sapat na natugunan ng punong-guro ng paaralan ang inyong mga alalahanin, maaari ninyong kontakin ang Opisyal sa Pakikipag-ugnay ng Komunidad sa inyong lokal na tanggapan sa rehiyon.

Kung naniniwala kayong ang inyong mga alalahanin ay hindi pa rin sapat na natugunan ng tanggapan sa rehiyon, maaari kayong sumulat sa Direktor sa Rehiyon o sa Deputy Secretary, Suportang Grupo sa Rehiyon upang pormal na maghain ng inyong reklamo.

Ang karagdagang impormasyon, mga numero ng telepono at higit pang detalye ng kontak tungkol sa mga reklamo ng magulang ay matatagpuan sa website ng DET sa [www.education.vic.gov.au/about/contact/parentcomplaint.htm](http://www.education.vic.gov.au/about/contact/parentcomplaint.htm)

## SINO ANG MAAARI KONG KONTAKIN PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON O SUPORTA?

Ang mga pamamaraan sa pagsususpende at pagpapataksik ay nakadetalye sa Pakikipag-ugnay sa Mag-aaral at Gabay sa Pagsasali (Student Engagement and Inclusion Guidance) na matatagpuan sa pagbisita sa: [www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/studengage.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/principals/participation/Pages/studengage.aspx)

Ang mga kadalasang katanungan (FAQS) tungkol sa pagkakasuspende at pagpapataksik ay makukuha sa: [www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx](http://www.education.vic.gov.au/school/parents/behaviour/Pages/faqs.aspx)

Kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon at suporta, kailangang ninyong kontakin ang Opisyal ng Pakikipag-ugnay sa Komunidad sa inyong pinakamalapit na tanggapan sa rehiyon (ang mga detalye ng kontak ay nasa susunod na pahina).

# MGA TANGGAPAN SA REHIYON NG KAGAWARAN NG EDUKASYON AT MAAGANG PAG-UNLAD NG BATA

## NORTH EASTERN VICTORIA REGION

Email: [nevr@edumail.vic.gov.au](mailto:nevr@edumail.vic.gov.au)

### Benalla

Post: PO Box 403, Benalla, Victoria 3672

Lokasyon: 150 Bridge Street East, Benalla, Victoria 3672

Telepono: (03) 5761 2100

Fax: (03) 5762 5039

### Glen Waverley

Lokasyon: Level 3, 295 Springvale Road, Glen Waverley 3150, Victoria

Telepono: (03) 9265 2400

Fax: (03) 9265 2444

## NORTH WESTERN VICTORIA REGION

Email: [nwvr@edumail.vic.gov.au](mailto:nwvr@edumail.vic.gov.au)

### Bendigo

Post: PO Box 442, Bendigo, Victoria 3552

Lokasyon: 7-15 McLaren Street, Bendigo, Victoria 3550

Telepono: (03) 5440 3111

Fax: (03) 5442 5321

### Coburg

Post: Locked Bag 2001, Coburg, VIC 3058

Lokasyon: Level 2, 189 Urquhart Street, Coburg, VIC 3058

Telepono: (03) 9488 9488

Fax: (03) 9488 9400

## SOUTH EASTERN VICTORIA REGION

Email: [sevr@edumail.vic.gov.au](mailto:sevr@edumail.vic.gov.au)

### Dandenong

Post: PO Box 5, Dandenong 3175

Lokasyon: 165-169 Thomas Street, Dandenong 3175

Telepono: (03) 8765 5600

Fax: (03) 8765 5666

### Moe

Post: PO Box 381, Moe, Victoria 3825

Lokasyon: Corner Kirk and Haigh Streets, Moe, Victoria 3825

Telepono: (03) 5127 0400

Fax: (03) 5126 1933

## SOUTH WESTERN VICTORIA REGION

Email: [swvr@edumail.vic.gov.au](mailto:swvr@edumail.vic.gov.au)

### Ballarat

Lokasyon: 109 Armstrong Street North, Ballarat, 3350

Telepono: (03) 5337 8444

Fax: (03) 5333 2135

### West Footscray

Lokasyon: Level 3, Whitten Oval, 417 Barkly Street, West Footscray, 3012

*(ang pagpasok ay sa pamamagitan ng mga pintong tinutulak o glass sliding doors)*

Telepono: (03) 9291 6500

Fax: (03) 9291 6565

### Geelong

Post: PO Box 2086, Geelong, Victoria 3220

Lokasyon: 5A Little Ryrie Street, Geelong, Victoria 3220

Telepono: (03) 5225 1000

Fax: (03) 5225 1099

## KARAGDAGANG MAKUKUHANG SUPORTANG

### **Parentline Victoria**

Telepono: 13 22 89 - 8nu hanggang hatinggabi 7 araw sa isang linggo

*Nagbibigay ang Parentline ng pambansang serbisyo sa pagpapayo sa telepono para sa mga magulang at mga tagapag-alaga ng mga batang may edad mula kapanganakan hanggang labingwalong taong gulang.*

### **Parents Victoria**

Telepono: (03) 9380 2158 or 1800 032 023 (rural callers only)

Website: [www.parentsvictoria.asn.au](http://www.parentsvictoria.asn.au)

### **Victorian Aboriginal Education Association Inc.**

Telepono: (03) 9416 3833

Website: [www.vaeai.org.au](http://www.vaeai.org.au)

### **Bata at nagbibinata Mental Health Services**

Telepono: 1300 767 299

Website: [www.health.vic.gov.au/mentalhealth/services/child/](http://www.health.vic.gov.au/mentalhealth/services/child/)

### **Samahan ng Proteksyon ng Bata**

Telepono: (03) 9450 0900

Website: [www.cps.org.au](http://www.cps.org.au)

### **Australian Childhood Foundation**

Telepono: (03) 9874 3922

Website: [www.childhood.org.au/website/default.asp](http://www.childhood.org.au/website/default.asp)

### **Association of School Councils in Victoria**

Telepono: (03) 9808 2499

Website: [www.asciv.org.au/ASCIV/Welcome.html](http://www.asciv.org.au/ASCIV/Welcome.html)

### **Victorian Council of School Organisations**

Telepono: (03) 9429 5900

Website: [www.viccsa.org.au/](http://www.viccsa.org.au/)

### **Victorian Multicultural Commission**

Telepono: (03) 9208 3184

Website: [www.multicultural.vic.gov.au/](http://www.multicultural.vic.gov.au/)